# Basahin nang maigi ang inyong Sulat ng Pagpapasiya

**Release Date: Setyembre 20, 2021**

**TRENTON, NJ –** Ang mga nasalanta ng Hurricane Ida na nakapagrehistro sa FEMA at nag-aplay para sa disaster assistance (tulong laban sa kalamidad) ay maaaring nakatanggap o makakatanggap ng sulat na nagpapaliwanag ng kasalukuyang katayuan ng kanilang kahilingan. Nakikipag-ugnayan din ang FEMA sa mga aplikante sa pamamagitan ng email, sa online sa pamamagitan ng disasterassistance.gov/, o sa mga sulat na ipinadala sa U.S. Postal Service.

Aming masidhing hinihikayat na ninyo nang maigi ang sulat.  Nakalista sa sulat na ito ang mga uri ng tulong ipinasiya ng FEMA na maaari o hindi maaari ninyong matanggap, ang halaga ng tulong na maibibigay ng FEMA para sa bawat karapat-dapat na pangangailangan, ang mga dahilan kung bakit ang isang aplikante ay hindi maaaring makatanggap ng naaangkpo na uri ng tulong, ang dahilan ng proseso ng pag-aapela, at iba pang mahalagang impormasyon tungkol sa disaster assistance (tulong laban sa kalamidad), kabilang na ang wastong paggamit ng ayuda mula sa disaster assistance.

Kung ang FEMA ay mangangailangan ng karagdagang impormasyon upang maiproseso ang kahilingan ng isang aplikante, maaaring makatanggap ang aplikante ng sulat na humihingi ng karagdagang impormasyon. Halimbawa:

- Bill ng kuryente, tubig, atpb na nagpapatunay na ang nasirang bahay ay ang pangunahing tahanan noong panahon ng kalamidad;
- Nakabinbin na papeles ng seguro, na makakapagasiya kung aling mga ibang programa ng FEMA ang maaaring matanggap ng nasalanta
- Tiket sa pagbabayad o isang government ID na may litrato na nakasulat ang nasirang bahay/pag-aari;
- Katibayan ng pag-aari ng bahay tulad ng kopya ng mortgage payments (hinuhulugang bayad) o akda ng pagbebenta ng bahay na magpapatunay na kayo ang may-ari;
- Renter’s lease (Katibayan ng pagpapaupa) na magpapatunay ng pagiging residente; o kaya’y

- Binuong aplikasyon sa pautang mula sa U.S. Small Business Administration Disaster Loan application.

Kung ang nasalanta na sumunod sa lahat ng kahilingan/pangangailangan ng FEMA, pero itinuring pa rin na hindi karapat-dapat, at hindi kayo sumasang-ayon, maaari ninyong i-apela ang desisyon. Sinusuri ng FEMA ang mga ipinadalang sulat ng pag-apela at dokumento ng aplikante na sumusuporte sa pag-apela. Kasama sa pag-apela ang pagiging karapat-dapat, ang halaga o uri ng tulong na ibinigay, nahuling pagbibigay ng aplikasyon, hiling sa pagsasauli ng pera, o pagpaptuloy ng pagbigay-tulong. Dapat po kayong mag-apela sa loob ng 60-araw mula sa petsa ng inyong natanggap na sulat ng paunawa ng pagiging karapat-dapat.

Dapat kasama sa sulat ng pag-apela ng aplikante ang dahilan sa pag-aapela (kung bakit mali ang desisyon tungkol sa halaga o uri ng tulong na naibigay) at dapat itong pirmahan ng aplikante o kung sino ang pinahihintulutan ng aplikanate kumilos para sa kanila.  Ang pagbibigay ng apela ay dapat din na naglalaman ng mga sumusunod na impormasyon:

- Buong pangalan ng aplikante
- FEMA Application Number at Disaster Number ng Aplikante
- Address ng pangunahing pre-disaster (bago nangyari ang kalamidad) na tirahan ng aplikante
- Kasalukuyang numero ng telepono at address ng aplikante

Siguraduhing ilagay ang petsa at lagda sa sulat. Isama po ninyo ang inyong nine-digit FEMA registration number (siyam na numerong pangrehistro sa FEMA) sa bawat pahina.

Ipadala ang sulat sa FEMA National Processing Service Center, P. O. Box 10055 Hyattsville, MD 20782-7055, o ipa-fax ang sulat sa 1-800-827-8112.

Maaari rin po ninyong i-upload ang inyong sulat ng pag-apela at sumusuportang dokumento sa inyong account sa DisasterAssistance.gov.

Para sa mga katanungan tungkol sa sulat o sa proseso ng buong pag-aapela, dapat pong tumawag ang mga aplikante sa 800-621-3362 o TTY 800-462-7585. Kasalukuyang nakahanda ang mga operator bente-kwatro (24) oras, araw-araw.

Para sa mga katanungan tungkol sa sulat ng paggiging karapat-dapat, maaaring bumisita ang mga nasalanta sa [DisasterAssistance.gov](https://www.disasterassistance.gov) o tumawag sa disaster assistance helpline sa 800-621-3362 (TTY 800-462-7585). Mayroon pong mga operator ng iba't-ibang wika.

Kung kayo po ay gumagamit ng relay service tulad ng video relay service (VRS), captioned telephone service o iba pa, ibigay ang numero ng serbisyong iyon sa FEMA.

Kung kayo po ay mayroong homeowners o renters insurance (seguro sa pagiging may-ari ng bahay o sa pagiging taga-upa), kailangan po ninyong ideklara ang inyong claim (karapatan) sa lalong madaling panahon. Sa ilalim ng batas, hindi maaaring gayahin ng FEMA ang mga benepisyo mula sa pagkawala na sakop ng seguro. Kung kayo po ay may kakulangan sa seguro o walang seguro, maaari kayong makatanggap ng tulong pederal.

Ang pinakamabilis at pinakamaling paraan sa pag-aplay ay ang pagbisita sa disasterassistance.gov/.

Kung hindi kayo maka-aplay sa online, tumawag po sa 800-621-3362 (TTY: 800-462-7585). Ang mga toll-free na linya ng telepono ay kasalukuyang bukas 24 oras, araw-araw. Sa mga gumagamit ng relay service tulad ng videophone, InnoCaption o CapTelm dapat ninyong abisuhan ang FEMA ng inyong mismong numerong nakatalaga sa serbisyong iyon.

Kapag kayo po ay hihingi ng tulong, pakihanda ang mga sumusunod na impormasyon:

- Kasalukuyang numero ng telepono kung saan kayo maaaring matawagan
- Ang inyong address noong panahon ng sakuna at ang kasalukuyang address ng iyong tirahan
- Ang inyong Numero ng Seguridad sa Lipunan, kung mayroon kayo
- Kabuuang listahan ng mga pagkasira at pagkawala
- Kung may seguro, ang numero ng polisa o pangalan ng ahente at/o ng kumpanya

Sa oras na ito ay maaaring gawin nang ligtas, umpisahan na po nating maglinis. Kumuha po tayo ng mga litrato para maitala ang mga sira at umpisahan ang

paglilinis ag pagpapaayos upang maiwasan ang karagdagang sira. Tandaan po nating itago ang mga resibo ng lahat ng mga pinamiling may kaugnayan sa paglilinis at pagpapaayos.

Ang mga negosyo at residente ay maaaring maka-aplay online sa disasterloanassistance.sba.gov**.** Para sa mga katanungan at paghingi ng tulong sa pagkukumpleto ng aplikasyon, tumawag sa 800-659-2955 o mag-email sa DisasterCustomerService@sba.gov. Sasagot ang SBA sa mga tanong tungkol sa kung paano makakatulong ang disaster loan (pautang mula sa kalamidad) sa mga nasalanta upang muling makabangon mula sa pinsala na dulot ng sakuna o kalamidad.

Para sa pinakabagong impormasyon, bumisita sa fema.gov/disaster/4614. Sundan po ang FEMA Region 2 Twitter account sa twitter.com/FEMAregion2.